**Abiso tungkol sa "Rekomendasyon para sa Pagpapaospital Batay sa Infectious Diseases Act"**

Kagawa Prefecture

Ipinagbigay-alam na ng iyong doktor sa public health center na ikaw ay na-diagnose na may tuberculosis (TB).

Dahil sa panganib ng pagkalat ng TB, dapat kang maospital at makatanggap ng angkop na pangangalagang medikal.

## Pagpapaospital at mga kaugnay na gastusin

- ◇ Kung ang mga sintomas ng TB ay nagdudulot ng panganib na makahawa sa iba, batay sa mga probisyon ng Infectious Diseases Act, maaaring irekomenda ng direktor ng public health center ang 72-oras na emergency hospitalization at pagpapaospital ng hanggang 30 araw at maaaring pahabain ang pagpapaospital kada 30 araw pagkatapos nito. Kung hindi mo susundin ang rekomendasyon, maaari kang maospital nang sapilitan.
- ◇ Para sa mga kinakailangan para sa pag-discharge mula sa ospital, mangyaring tingnan ang ibang pahina.
- ◇ Tungkol sa mga bayarin sa gamutan ng TB habang nakaospital, depende sa halaga ng income-based resident tax ng sambahayan, ang mga bayarin ay hindi sisingilin o bahagyang sasagutin ng pampublikong pondo (kung ang kabuuang halaga ng income-based resident tax ng lahat ng miyembro ng sambahayan ay lumampas sa 564,000 yen). Gayunpaman, mangyaring tandaan na may ilang mga serbisyo na hindi sakop ng pampublikong pondo o insurance at kinakailangang bayaran.
- ◆ Kakailanganin ang isang liham ng rekomendasyon (*Kankoku-sho*) o isang liham ng pagpapatupad (*Sochi-sho*) (Form 42 hanggang 45) kapag nag-aaplay para sa pampublikong subsidiya para sa mga gastusing medikal, atbp., kaya mangyaring itago ito sa isang ligtas na lugar at huwag iwala.

## Kung mayroon kang anumang opinyon tungkol sa rekomendasyon para sa pagpapaospital

- ◇ Maaari mong ipahayag ang iyong opinyon tungkol sa rekomendasyon para sa pagpapaospital, maghain ng reklamo tungkol sa gamutan na natanggap mo habang ikaw ay nakaospital, o magsumite ng kahilingan para sa pag-discharge mula sa ospital sa direktor ng public health center, pasalita man o pasulat.
- ◇ Gayunpaman, ang huling desisyon kung irerekomenda o pahabain ang pagpapaospital ay gagawin ng direktor ng public health center pagkatapos marinig ang mga opinyon ng Infectious Disease Examination Committee.

  Depende sa iyong medikal na kondisyon, maaaring irekomenda ang pagpapaospital anuman ang mga opinyong isinumite.

## Kung hindi ka nasisiyahan sa mga hakbang sa pagpapaospital

- ◇ Kung hindi ka nasisiyahan sa desisyong ito, maaari kang magsumite ng kahilingan para i-review ito sa Gobernador ng Kagawa Prefecture sa loob ng tatlong buwan mula sa araw na sumunod sa petsa na nalaman mo ang desisyong ito, alinsunod sa Administrative Complaint Review Act, at maaari kang magsampa ng kaso upang bawiin ang disposisyon sa loob ng anim na buwan, at pangalanan ang Kagawa Prefecture bilang nasasakdal.

  Bukod pa rito, kung ang tagal ng pagkakaospital dahil sa disposisyong ito ay lumampas sa 30 araw, maaari kang magsumite ng kahilingan para i-review ito sa Minister of Health, Labour and Welfare nang pasulat o pasalita, alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo 25, Talata 1 ng Infectious Diseases Act.

## Kung tumakas ka mula sa ospital o tumangging maospital nang walang makatuwirang dahilan

◇ Kung tumakas ka mula sa ospital o tumangging maospital nang walang makatuwirang dahilan, maaari kang patawan ng multa na hanggang 500,000 yen, alinsunod sa Artikulo 80 ng Infectious Disease Act.

## Mga kinakailangan para sa pag-discharge mula sa ospital

◇ Maaari kang ma-discharge mula sa ospital kung natutugunan ang mga sumusunod na kondisyon:
Wala ka nang mga sintomas tulad ng ubo, plema, at lagnat, at mayroon kang tatlong magkakasunod na negatibong resulta sa sputum culture tests sa magkakaibang araw.
Ang ikatlong pagsusuri ay maaaring maging nucleic acid amplification test.
Gayunpaman, kahit na hindi mo matugunan ang mga kondisyong nabanggit, kung natutugunan mo ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon 1 hanggang 3 at may pahintulot mula sa iyong doktor at direktor ng public health center, maaari ka nang ma-discharge mula sa ospital.

1. Mahigit dalawang linggo ka nang sumailalim sa karaniwang chemotherapy, at nawala na ang mga klinikal na sintomas tulad ng ubo, plema, at lagnat.
2. Pagkatapos ng mahigit dalawang linggo ng karaniwang chemotherapy, mayroon kang tatlong magkakasunod na negatibong resulta mula sa sputum smear test o culture test na isinagawa sa magkakaibang araw.
3. Nauunawaan mo ang kahalagahan ng pagpapatuloy ng gamutan at pagpigil sa pagkalat ng impeksiyon, at nakumpirma na maaari mong ipagpatuloy ang gamutan pagkatapos ma-discharge mula sa ospital at mapigilan ang pagkalat ng impeksiyon sa iba. (*)

(*) Mga kondisyon upang makumpirma na maaaring ipagpatuloy ng pasyente ang gamutan pagkatapos ma-discharge at mapigilan ang pagkalat ng impeksiyon sa iba

- Nauunawaan ng pasyente ang pangangailangang ipagpatuloy ang pag-inom ng gamot sa loob ng panahong tinukoy ng doktor na nag-aasikaso sa kaniya at may intensiyon na gawin ito.
- Iniinom ng pasyente ang lahat ng iniresetang gamot laban sa TB.
- Nagagamit ng pasyente ang handbook ng pag-inom ng gamot at iba pang mga materyales upang subaybayan ang kaniyang pag-inom ng gamot.
- Ang suporta sa pag-inom ng gamot (DOTS: Directly Observed Therapy Short-course) ay inihanda upang maiwasan ang paghinto ng pasyente sa pag-inom ng mga gamot pagkatapos ma-discharge mula sa ospital.
- Nauunawaan ng mga taong nakatira kasama ng pasyente ang posibilidad na maaaring makahawa ang pasyente sa iba at ang pangangailangan para sa pasyente na ipagpatuloy ang pag-inom ng kaniyang gamot.
- Ang pasyente ay hindi nakatira kasama ang sinumang may mahinang immune system o mga batang hindi pa nabakunahan ng BCG.
- Nagsasagawa ng mga hakbang ang pasyente upang maiwasan ang pagkalat ng impeksiyon sa iba tulad ng pagbibigay-atensiyon sa bentilasyon ng silid at pagtatakip sa laway o plema gamit ang tissue at pagtatapon ng maruruming tissue sa basurahan.
- Tinatakpan ng pasyente ang kaniyang bibig at ilong kapag umuubo o bumabahin at nagsusuot ng mask kapag nakikipag-usap sa iba.
- Nauunawaan ng pasyente ang pangangailangang agad na humingi ng medikal na atensiyon kung lumitaw ang mga sintomas at handa siyang gawin ito.

◆ Ang mga kinakailangan para sa pag-discharge sa ilalim ng Infectious Diseases Act ay gaya ng nakasaad sa itaas, ngunit ang aktuwal na oras ng pag-discharge ay maaaring mag-iba. Mangyaring kumonsulta sa iyong doktor.

* Infectious Diseases Act: Act on the Prevention of Infectious Diseases and Medical Care for Patients with Infectious Diseases

[Makipag-ugnayan] ●● Public Health Center
Telepono: